

Chapter One



*M*alakas na kulog ang gumising kay Noreen nang umagang iyon. Instinctively, sinulyapan niya ang orasan sa dingding; alas ocho na!

My goodness! Late na 'ko! Ang lakas pa mandin ng ulan.

Napabalikwas siya sa higaan at kaagad na tumakbo tungo sa banyo na nasa unang palapag ng boarding house. Nasa ikalawang palapag kasi ang silid niya at out of order ang CR sa floor nila.

May tao. Oh, my God! Ano ba 'yan!

May ilang minuto siyang nag-stay sa labas ng banyo to make sure na hindi siya maunahan

ng ibang boarders. Unfortunately, lampas fifteen minutes na ay hindi pa rin lumalabas ang nasa loob. Nagpasya siyang bumalik muna sa kuwarto niya. Unfortunately again for her, eksaktong pagpihit niya ng seradura ng kanyang silid ay narinig niya ang paglabas ng tao na nasa loob ng banyo... at nadinig niya, muling may pumasok na iba pa.

Anak ng...! Pag minamalas ka naman talaga, o! Wala nang nagawa si Noreen kundi mag-abang sa labas ng banyo habang nag-iisip ng idadahilan sa kanyang istriktang superior na si Miss Ginela.

Eh, kung mag-absent na lang kaya ako at sabihing may lagnat ako? O kaya sabihin kong binaha ang labas ng boarding house at impassable ito? Think, Noreen! Think!

Bandang huli ay pinili pa rin niyang pumasok sa trabaho kahit alam niyang late na siya at nakasisigurong makakatikim ng hindi magandang salita mula sa kanyang lady boss. Every second Monday of the month kasi, may Mancom sila sa office at very strict sa time na dapat pagdating ng alas nueve ng umaga, kompleto na ang lahat ng officers. At isa siya roon. Kaya naman nang humahangos na

dumating siya sa conference room nang nine thirty-two, kompleto na ang lahat, including their President na si Raymond Bautista at ang Vice President na si Ginela Dantes.

“Noreen, anong oras ang nine o’clock meeting natin?” Si Ginela iyon.

Napayuko siya. Alam niyang sarcastic ang tanong nito. *Nine o’clock meeting nga, eh, di nine o’clock*, nais sana niyang isatinig pero pinigil niya ang sarili at iba ang sinabi. “I’m sorry, Ma’am.”

“Listen, everyone. I expect professionalism from all of you. You’re all officers. You’re supposed to demonstrate good examples to your subordinates. How can you expect them to come on time if you yourself don’t do that? Naiintindihan mo ba ’ko, Noreen?” Again, si Ginela iyon.

Tumango lang siya at hindi na nagsalita pa. Nagpasalamat siya at napagtagumpayan niya ang meeting na iyon. Paano kasi, handa talaga siya. Kompleto ang details ng kanyang report at may *Powerpoint* presentation pa siya. Ang totoo, every Mancom ay siya ang madalas na nabibigyan ng ‘very good’ ng Presidente nila na siya ring may-ari ng kompanyang iyon. Lagi niyang sinisiguro na detailed at vital ang report

na ibibigay niya. Although more often than not, kapag napupuri siya ng Presidente, may sagot-pangontra ang Vice President na si Ginela. Pero sanay na siya roon. Ang importante sa kanya, naibibigay niya ang best niya.



Twenty-five years old si Noreen Gabriel. Sa taas na 5'5", ilang beses narin siya na pagkamalang modelo. Maputi kasi siya, makintab at maikli ang itim niyang buhok, matangos ang maliit na ilong na bumagay sa kanyang manipis na labi. Balingkinitan ang pangangatawan niya tulad ng isang modelo. Iyon nga lang, alam niyang hindi siya puwedeng pumasa kailanman bilang modelo. Hindi siya marunong magsuot ng high heels. Kahit nga one-inch heels lang ay hirap siya. Kaya palaging flat shoes ang kanyang suot.

Nagtatrabaho siya bilang Training Officer sa isang local agency kung saan hawak nila ang hiring, selection at training ng mga staff para sa restaurants and food chains na client nila. Mahigit tatlong taon na siyang namamasukan sa *RB-Phils*. Compensated naman siya at dama niya, marami siyang natututunan. Bukod pa sa ideya na alam niyang marami siyang naituturo at nakikilala sa bawat araw na dumaraan.



“At bakit ka late kanina, aber?” Ang katanungan na iyon mula sa kasamahan niyang si Donna ang sumalubong kay Noreen pagpasok niya sa kanyang cubicle. Bagaman nakangiti ay nakapamaywang pa ito nang datnan niya roon. Isa ito sa mga kaopisinang pinagkakatiwalaan niya.

Natawa siya sa tinuran nito. “Daig mo pa si Mr. Bautista kung makatanong, ah!” Ang tinutukoy niya ay ang Presidente ng *RB-Phils*. “Late po ako nagising,” pag-amin niya. “I know it’s unacceptable, but that’s the truth.”

Naupo ito. “Bakit? Anong oras ba ang nine o’clock meeting natin, ha?” anito sa tinig na pinaarte na halatang pilit ginagaya ang boses ni Ginela.

Lalo tuloy siyang natawa. “Ano ba, Donna? May makadinig sa ’yo. Tumigil ka nga diyan.”

Sumandal ito sa kinauupuan. “Naku, sister! Papatayin mo ’ko sa nerbyos. Kanina pa kita hinihintay. Alam mo naman si Ginela Bruhita. Parang kontrabida sa telenovela.”

“Pasensya ka na. Hindi ko sinadya. Ako pa! Ayoko rin na ako ang center of attention.”

“Kakaloka ka! Kung may sakit ako sa puso, inatake na ’ko sa nerbyos sa kakahintay sa ’yo. ’Tapos ang aga pang dumating ni Sir Raymond at ang unang hinanap sa akin, eh, ikaw,” ulat nito.

Napangiti siya. “Paano naman akong hindi hahanapin n’un, eh, may kailangan siya sa ’kin.”

“Sus! Ang sabihin mo, talagang may tama sa ’yo ang poging bossing natin. Don’t tell me hindi mo nahahalata ’yun? Napaka-manhid mo naman,” anito na nakahalukip pa.

Ang totoo, kaya nasasabi ni Donna ang mga bagay na iyon, madalas nilang mahuli si Raymond na nakatingin kay Noreen. At hindi lang minsan sa loob ng isang araw na nahuhuli niya ito. Sa tuwing kaharap pa niya ito sa mga meetings, halos siya lang ang tingnan nito maski hindi siya ang nagre-report. Noong una, nako-conscious siya. Kalaunan, nakasanayan na niya.

May mga pagkakataon din na tuwing sa labas ang mga meetings nila at kasama ang buong team, kapuna-puna ang special attention na ipinapakita nito sa kanya. Pero ayaw naman niyang mag-isip at baka lumabas lamang siya na ilusyonada.

Hindi na niya inintindi pa ang sinabi ni

Donna at iniba ang usapan. “Hay, let’s work. Kailan ba’ng next training sched ko?”

“Eh, kaya nga ’ko nandito, itatanong ko kung kailan ang availability mo. Kasi ayokong magka-conflict sa gagawin kong sched.” Ito kasi ang head ng HR Department nila.

Naupo si Noreen sa harap ng kanyang lamesa at tiningnan ang planner. “I can adjust, just give me the schedule. Malakas ka sa ’kin, eh,” pagbibiro niya.

Ngumiti ito. “Talaga lang, ha! Sige, i-email ko sa ’yo ang sched mo for the next two weeks.”

May naalala siya. “Oops, teka! Don’t forget my leave, okay? Last week ko pa nai-file ’yun.”

“Don’t worry. Naka-block out na ’yan. Naayos ko na.”

Napangiti siya. “Hay, salamat! Maaasahan ka talaga, sis.”



“Ate, nagpunta dito si Randy kagabi. Akala daw niya, aabutan ka pa bago lumuwas,” salubong ng kapatid ni Noreen na si Jacob nang umuwi siya nang gabing iyon sa bahay ng tatay niya. “Hindi ka talaga tatantanan ng mokong na ’yun, ’Te. In love na in love pa rin sa ’yo.” Ang tinutukoy nitong ‘Randy’ ay ex-boyfrined niya

at kasamahan din sa trabaho.

Tuwing Biyernes lang normally umuuwi ang dalaga sa bahay nila sa Pulilan, Bulacan. Pero that day, kahit Monday pa lang, naisipan niyang doon uli umuwi dahil na rin sa naramdaman niyang pagka-bad trip because of her lady boss.

“Tigilan mo nga ako, Jacob. Pagod ako, don’t say bad words, please?” Inismiran pa niya ito.

Tumawa ito. “Sige, tingnan mo ’yung ref. May chocolates. ’Yung flowers ay nilagay ko sa altar kasi sayang kung malalanta, ang ganda pa naman,” ngingiti-ngiting sabi nito.

Naupo siya sa tabi nito. “Hay, naku! Pagod talaga ’ko. Nakakainis talaga ’yung boss-boss-an ko. Parang may sayad kapag may meeting kami.”

“Ano, ikaw na naman ang bida diyan kay Ginela Bruhita?” anito na nakapamaywang pa.

Natawa siya dahil naalala niya si Donna. Ganito rin ang tawag nito sa VP, *Ginela Bruhita*. “Ikaw talaga. Halika nga’t imasahe mo’ng paa ko. Masakit talaga.”

“Ano’ng kapalit?”

“Nakakainis naman! Di ba puwedeng walang kapalit ngayon? Lambing lang, puwede na?” Nagpa-cute pa siya.

“Pasalamat ka mahal kita,” ani Jacob. Malapit siya sa kapatid niyang ito. Twelve years old pa lang ito, pero kung makaasta at kumilos ay mature na.



Pagpasok ni Noreen kinabukasan ay agad na sumalubong sa kanya ang isang tao na ayaw niyang makita—si Randy.

Umagang-umaga, hay! aniya sa sarili.

“Good morning, Noreen,” bati nito.

Tumango lang siya rito at dumeretso sa paglalakad. Hindi sa gusto niyang mambastos, wala lang talaga siya sa mood. Feeling niya, may hangover pa siya sa naganap the day before.

Sinundan siya nito. “Noreen, can we talk?”

Huminto siya at hinarap ito. “Is that work-related?” Seryoso siya. Umiling ito. Patuya siyang ngumiti. “Well then, no,” aniya at itinuloy ang naudlot na pagtungo sa cubicle.

“Noreen, wait,” habol nito.

“Ano pa ba’ng dapat nating pag-usapan?” Napipikon na siya.

“Baka naman puwede mo akong bigyan ulit ng chance?”

Kumunot ang noo niya. “What for? You had your chance and you blew it. Remember?”

“Pero, Noreen, wala na kami ni Rina. Hiniwalayan ko siya kasi na-realize ko na ikaw talaga’ng mahal ko,” tila nagmamakaawang saad nito.

“And am I supposed to dance for joy? Ano’ng akala mo sa ’kin? Uto-uto? Puwede ba, Randy, tigilan mo na ’ko,” aniya at tinalikuran na ang kausap.

Hinawakan nito ang braso niya. “Please. Just hear me out.”

Nanliit ang mga mata niya. “Bitiwan mo ’ko. Nasa opisina tayo, tandaan mo,” aniya sa nagngingitngit na tinig.

“You heard Noreen, Mr. Toledo. She’s right, nasa office kayo,” singit ng isang tinig na pamilyar sa kanilang pareho, si Raymond Bautista. Kinakabahang binitiwan siya ni Randy. Kinabahan din siya sa pagsulpot bigla ng kanilang boss at kaagad siyang yumuko para magbigay-galang dito.

“Sir...” bulong ni Randy.

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Raymond. “Ang totoo, I have no right to intrude in your personal lives. However, I will have to ask you to do your love business someplace else and not during work hours.”

Napailing si Noreen sa nadinig. “Sir, it’s not what you think it is,” singit niya.

Mabilis din itong nagsalita muli. “Please get back to work,” anito at umalis na matapos siyang iwanan ng isang sulyap na tila malamlam ang mga mata.

Nang makaalis ang boss nila ay tinapunan niya ng matalim na tingin si Randy na noon ay pangisi-ngisi pa. Lalo siyang nainis. “Kita mo na’ng ginawa mo? At nagagawa mo pang ngumisi diyan?”

“Eh, natatawa kasi ’ko sa mukha mo. At saka masaya ’ko sa idea na ngayon, alam na ni Raymond na may namamagitan sa ’tin.”

“Dream on.” Iyon lang at iniwan na niya ito.

Chapter Two



Naging boyfriend ni Noreen si Randy noong nakaraang taon. Matagal na niya itong kakilala, mula pa nang magsimulasyangmagtrabaho sa *RB-Phils*. Halos magkasabaysilangpumasokdoon. Anglalakiang may hawak ng payroll ng ilan nilang big clients.

Sinimulan siyang ligawan nito sa unang taon pa lang niya sa kompanya. Ang totoo, wala sa plano niya na sagutin ito. Lamang ay naging masugid ang binata. Araw-araw ay may natatanggap siyang card o kaya sweets na dinaratnan niya sa kanyang lamesa. Kalaunan, nagustuhan na rin niya si Randy dahil palabiro ito. Mahilig magbitiw ng jokes na kadalasan, in

fairness, ay nakakatawa.

During the first few months of their relationship, everything went well. Mag-away man sila ay petty reasons lang; madalas ay ang pagiging latenito samgadatesnilaoanghindinito pagpunta sa bahay nila sa tuwing may okasyon na nag-commit itong darating. That went on for four months. But always at the end of the day, napapatawad naman niya ito dahil sa aura nito na talagang positive ang dating. Gusto niya iyon.

During their fifth month anniversary, nagsabi ito na magde-date sila sa restaurant kung saan niya ito sinagot. Kinilig naman siya kasi iniisip niya na baka mag-propose na ito. Although feeling niya ay too soon if ever man mangyari iyon, kinilig pa rin siya sa ideya. At nasabi niya sa sarili na kung sakali ngang ganoon, she might consider.

Naalala niya ang araw na iyon...

May kalahating oras nang naghihintay si Noreen sa restaurant na iyon ay hindi pa rin dumarating si Randy. Magkahalong kaba at galit na ang nararamdaman niya. Galit dahil late na naman ito. At kaba dahil baka may nangyari rito na hindi maganda.

She waited for an hour. She kept on texting him,

but she got no replies from her boyfriend. When she called, nakapatay ang cellphone nito. Minabuti niyang umalis sa restaurant at puntahan ito sa tirahan nito. Mas nananaig kasi ang worry sa kanya.

Pero patayo na siya sa kinauupuan nang may babaeng tumayo sa harap niya. Simple lang ito pero maganda. Feeling pa nga niya, mas maganda sa kanya.

“Yes? Can I help you?” aniya.

“You’re Noreen?” Tumango siya. “Puwede ka bang makausap?”

Tumindi ang kaba niya. “Sino ka? Bakit mo ’ko kilala?”

“I’m Rina. Huwag ka sanang magagalit sa ’kin. Nandito lang ako to tell you the truth. Ayoko kasing may mga babaeng naagrabyado.” Seryoso ang tingin nito sa kanya.

Umiling siya. “I don’t understand. I don’t mean to be rude, but can you get straight to the point? Sino ka ba talaga?”

Naupo ito sa silyang katapat niya. “I’m not sure if nabanggit na ako sa ’yo ni Randy,” panimula nito. “Pero ako’ng girlfriend niya. More than two years na kaming magkarelasyon.”

Nagulat ang dalaga pero pinairal niya ang utak. Rina. Nabanggit na ito ni Randy. Ang sinabi nito,

ex-girlfriend nito ang babae at more than a year nang hiwalay ang dalawa.

Tumango siya. “Yes, nabanggit ka na niya. Pero as his ex.”

Tipid itong ngumiti. “Noreen, hindi ako masamang tao. Don’t think na nanggugulo ako o naninira. Pero gusto kong malaman mo ang totoo. Never kaming naghiwalay ni Randy. Like I said, more than two years na kami. At alam ko ang tungkol sa inyo since the day he started courting you. Call it stupid pero ako kasi ’yung tipong inaalam ko ang lahat tungkol sa taong mahal ko, whether or not masasaktan ako. At nalaman ko ang tungkol sa ’yo noon pa. And I know na sinabi niya sa ’yo na wala na kami.” Umiling ito. “Hindi totoo ’yun.”

Hindi alam ni Noreen ang sasabihin sa mga narinig niya. Dama niyang bumigat ang mga mata niya, na parang gusto niyang maluha; either sa sama ng loob o sa galit.

“Posibleng hindi mo ’ko paniwalaan, pero I understand. Hindi ko hawak ang utak mo. At possible din na isipin mong sinisiraan ko lang siya. May magagawa ka naman to find out if I’m telling you the truth. Pagdating niya, ask him,” malumanay na sabi ni Rina matapos ay tumayo na upang umalis. Pero ilang hakbang pa lang ay bumalik ito.

“Noreen, he’ll come. Na-late siya kasi pinatawag siya ng mama ko. Close sila. Nasa plano namin ng mama ko na papuntahin siya sa bahay para maituloy ko ang planong ’to na kausapin ka. Nabanggit na kasi sa ’kin ’to ni Randy. Hindi siya aamin, pero bilang babae, alam kong may kakayahan ka ring magpaamin ng lalaki, katulad ko.” Iyon lang at tuluyan na itong umalis.

Naiwang tulala si Noreen. Ayaw niyang maniwala sa mga nadinig mula sa babaeng nagpakilalang Rina, na according to her ay girlfriend ni Randy, na boyfriend niya. But for some reason, dama niya ang honesty sa bawat salita nito.

Nanghihinang napasandal siya sa upuan. Nag-isip siya at pumasok sa utak niya ang isang ideya. Maghihintay siya. Kung totoo ang mga sinabi nito, malamang nga ay darating na si Randy. At hindi pumalya ang pangyayari. Ilang minuto lamang ang lumipas ay humahangos na dumating ito.

“I’m so sorry, honey. Something came up. Kanina ka pa ba?” Malambing ang tanong nito at hinalikan pa siya sa pisngi matapos iabot sa kanya ang isang bungkos ng red roses. Hindi naman siya umiwas sa halik nito at kinuha ang bulaklak. Ayaw muna niyang ipahalata rito that something’s amiss. Gusto sana kasi niya ay magsalita ito at magpaliwanag.

Saka niya huhulihin.

“Oo, eh. Paalis na nga sana ’ko,” malumanay niyang sagot.

“Talagang love mo ’ko, ’no? Hindi mo ’ko magawang iwan kasi alam mong darating talaga ’ko, no matter what. And here I am.”

Tipid siyang ngumiti. “So can I know what happened?”

“Bigla akong tinawagan ng tita ko. Emergency daw. Nag-worry naman ako kaya dumaan ako saglit sa bahay nila.” Natigil ito sa pagsasalita nang lumapit ang waiter at inabot ang menu. “Shall we order first? I know you’re hungry.”

Nagkibit-balikat siya. “Actually, I was. Pero nalipasan na ’ko ng gutom.”

“My fault. Teka, mag-order muna tayo ng hot soup para makahigop ka ng mainit before the main dish. What do you want?”

“Bahala ka na. So, what happened sa tita mo?” She was cold.

Nagkibit-balikat ito. “Akala niya, inaatake siya ng sakit sa puso. Dadalhin ko dapat sa ER pero, eventually, naging okay na siya kaya iniwan ko na rin.”

Bumilib siya. Mahusay magsinungaling ni Randy. Sa pagsasalita nito, kakikitaan ng confidence.

Ni walang bahid ng pagkailang. Iisipin talaga na tootoong-totoo ang bawat salitang sinasabi. “Sinong tita? Father or mother side? Or mother lang ng isang kaibigan?”

“Actually, sa pinsan pero malayo na.”

Gustong tumaas ng isa niyang kilay. “But close, right?”

“Yup.”

Paano ko ba mapapaamin ang lalaking ito? Naalala niya ang sinabi ni Rina, na may kakayahan daw ang babae na paaminin ang isang lalaki. Pero paano?

“Galit ka ba, hon? S’abi ko naman, sorry talaga. Promise, I’ll make it up to you. After dinner, let’s watch a movie. Gusto ko mag-enjoy ka nang husto. Please naman, ’wag ka ng magalit.”

Tipid na ngumiti si Noreen. “Don’t worry. I’ll be fine.” Nag-isip siya ng paraan. Hindi siya marunong magsinungaling. Pero naisip din niya, bakit ba siya kakabahan gayung wala naman siyang kasalanan? Kung may dapat na kabahan ay si Randy dapat. “Nga pala, may nakilala ako kanina. Tinanong niya kung ako si Noreen.”

“Talaga? Sino daw siya?” Nakangiti pa rin ito.

“Ngayon ko lang siya nakita. Rina daw.” Nag-pause siya saglit to check kung ano ang magiging

reaction nito. Pero maliban sa natigilan lang ito saglit ay bumalik na ulit sa normal. “Friend ka daw niya. Nakilala niya ’ko dahil daw sa picture na naka-post sa FB mo,” imbento niya.

Tumango-tango ito. “Yeah, si Rina. Friend ko. Although di ko sure kung sinong Rina ’yun kasi tatlo ang Rina na kilala ko. Pero lahat sila, magaganda,” anito at sinabayan ng tawa.

Napikon si Noreen. “Lahat din ba naging girlfriend mo?”

Kumunot ang noo nito pero nakangiti pa rin naman. “What are you talking about, honey?”

Patuya siyang ngumiti. “Wala naman. I’m just assuming na may relasyon kayo n’ung girl kasi she talked so fondly of you.”

“Well, you know me—lovable and charming. Kaya mo nga ’ko love, eh.” Muli nitong sinundan ng malakas na tawa ang sinabi. “Here, tikman mo ’to,” anito at sinubuan siya ng isang piraso ng appetizer. Umiwas siya. “Why?” Napakunot ang noo nito.

“Tell me.” Deretso niya itong tiningnan sa mata. “May inililihim ka ba? Is there something I need to know?”

Umiling ito. “Wala, hon. Why?”

“Lahat ba ng Rina na kilala mo ay naging girlfriend mo, or should I say, lahat ba sila ay

girlfriend mo at present, other than me?” Noon niya napuna na nabura na ang ngiti sa mukha nito. “Umamin ka, Randy.”

Umiling ito. “I don’t know what you’re saying.”

“Damn it! Magsisinungaling ka pa ba? O baka gusto mong tawagan ko ngayon si Rina at papuntahin dito ngayon para magsalita ka sa harap niya?” Nagsinungaling siya. Hindi naman niya nakuha ang numero ni Rina. Hinuhuli lang niya ang nobyo. “Kelan mo pa ’ko pinapaikot, ha? Or would it be better to say, kelan mo pa kami pinaglalaruan?”

Natahimik ito at alam niya, natumbok niya ang nais niyang palabasin—ang katotohanan. “Look, honey, I can explain.”

“Go ahead,” aniya. Tumahimik ito na halatang di alam kung paano sisimulan ang hinihintay niyang paliwanag. “I’m waiting.”

Huminga ito nang malalim. “Si Rina, ex-girlfriend ko siya.”

“Ex?” Tumaas ang isa niyang kilay at humalukipkip.

“Okay. Para sa ’kin, ex. Apparently not for her. Ang feeling niya, kami pa rin. She said she doesn’t want to let me go at kapag daw iniwan ko siya, magpapakamatay siya. Ayoko naman masisi kapag

ginawa nga niya, di ba? Kaya for her sake, for her family's sake, and for my sake, pumayag akong isipin niya na kami pa rin.

“Pero ang totoo, Noreen, hindi ko siya mahal. Ikaw ang mahal ko. At iiwan ko rin siya nang biglaan kapag nagpakasal na tayo! Wala siyang halaga sa 'kin. Madali ko lang siyang madi-dispose. Please, let's not allow this to ruin our date,” anito na hinawakan pa ang pisngi niya.

Sa haba ng sinabi nito, ang umukit sa isipan niya ay ang pangungusap na, ‘Madali ko lang siyang madi-dispose.’ Wow, parang basura! Kaya patuya siyang ngumiti.

“Okay. Take me home. I'm not in the mood anymore to do anything with you. Take me home now.”

Two days na nag-field work si Noreen after that day para hindimakita si Randy. Pagbalik niya, ang una niyang ginawa ay hiniwalayan ito. Sa loob ng dalawang araw sa labas, napag-isip niya na hindi maganda ang pag-uugaling ipinakita ng binata. Wala itong respeto sa damdamin ng babae. At para sa kanya, mortal sin iyon.

Idagdag pa, muli siyang kinausap ni Rina. Nakuha nito ang numero niya at nakiusap nang tuluyan na magpaubaya. Naawa siya rito at the

same time ay natatangahan. Pero wala na siyang nagawa. Masuwerte pa siya na malaman nang maaga ang dapat malaman.



“Sir, you called for me?” Dinatnan niyang nakaupo si Raymond sa swivel chair nito at nakaharap sa bintana kaya bahagya itong nakatalikod sa kanya. Nang madinig ang tinig niya ay iniharap nito ang upuan.

“Please sit down,” anito.

Umupo siya. May nadarama siyang kaba sa pagtawag nito sa kanya. Dama niya kasi, may kinalaman sa nakita nitong tagpo kanina between her and Randy.

May iniabot itong folder. “I want you to review this. Pinadalhan na sila ni Donna ng profile natin. They’re thinking of hiring our services. Nakasulat diyan all the details about their company. Should you need any other information, may contact details diyan.” Deretso itong nagsasalita habang bina-browse niya ang folder na hawak. “By the way, that company is owned by a friend of my father. I would value if they would consider signing up for us,” dugtong nito.

Nagpatangu-tango siya. “Noted, Sir. Would

that be all?"

Tipid itong ngumiti. "Actually, there is something else." Kinabahan siya. Naisip niya na ito na marahil ang tungkol sa kanila ni Randy. "May gusto lang akong itanong, if you don't mind. Medyo personal."

"Raymond, can I talk to you?" Panabay silang napalingson sa pintuan kung saan nanggaling ang tinig na iyon. Bigla kasing dumating si Ginela. "Noreen, leave us alone," baling nito sa kanya at dere-deretso nang pumasok.

Tumayo ang dalaga. "I'll be at my table if you need anything, Sir," baling niya kay Raymond at nilisan ang silid.

Salamat po, Lord, nausal niya habang papalabas. At sa kauna-unahang pagkakataon sa buhay niya, na-appreciate niya si Ginela. Pakiramdam niya kasi, isa itong savior sa ginawang pag-interrupt ng pag-uusap na iyon. *Hmm... may pakinabang naman pala ang bruhita kahit paminsan-minsan*, anang isipan niya.

Pero short-lived lang ang nadama niyang relief dahil bago natapos ang araw na iyon ay muli siyang ipinatawag ni Raymond. Kabado man ay nagtungo siya sa opisina nito.

"Noreen, let me get straight to the point

this time. Baka kasi bigla na namang may mag-interrupt,” tatawa-tawang sabi nito. Natawa rin siya dahil alam niyang si Ginela ang tinutukoy nito. “I know it’s none of my business, but I’d like to know if you and Randy have something—”

Mabilis siyang sumingit, “We used to be, Sir. Not anymore. And I’d like to apologize for that incident today. Really, there’s no excuse for that. But I assure you, it’s not gonna happen again, Sir.” Habang nagsasalita siya ay napuna niyang natatawa ito. Napakunot tuloy ang noo niya. “Sir, what’s so funny?”

“You,” tipid nitong sagot. Lalong kumunot ang noo niya. “Sorry, I didn’t mean to offend you. I guess I just find it rather cute, the way you acted. Medyo defensive.”

Napangiti siya. Na-realize niyang tama ito. “Sorry, Sir.”

Nagkibit-balikat ito. “Well, I guess that means you’re single and available? O baka may iba ka na kaya wala na kayo? Tell me, if it’s not too personal, bakit kayo nag-break?”

Mataman niya itong tiningnan na tila nagtataka sa bigla nitong pagkakaroon ng interes sa kanyang personal life. Nakahalata naman ito sa pagiging bantulot niya.

“Okay lang. No need to answer that question. Anyway, pauwi ka na ba?”

Tumango siya. “Kung wala ka nang kailangan, Sir, I must go.”

“In a hurry? How about dinner? Papayag ka bang sumama sa ’kin sa dinner? Friendly dinner lang, Noreen.”

Napakunot-noo siya. “You’re asking me to have dinner with you, Sir? Why? Why me?”

Nagkibit ito ng balikat. “Why not?”

Magsasalita sana siya pero sa pangalawang pagkakataon nang araw na iyon, biglang sumingit si Ginela sa pag-uusap nila.

“Raymond, halika na. Coding ako, eh, sasabay ako sa ’yo. I’ll wait for you at the carpark. Noreen, umuwi ka na rin. Baka ma-late ka na naman bukas,” anito, umalis na’t mabilis na nawala sa hallway.

Tiningnan siya ni Raymond at muli ay nagkibit-balikat ito. “I guess maipagpapaliban na muna natin ang dinner natin. Saan ka ba umuuwi? Sumabay ka na sa ’min.”

Umiling siya. “I’ll be fine, Sir. See you tomorrow.”

Mabilis niyang nilisan ang office ng kausap. Inalala niya kasi na baka magpilit pa ito na

pasabayin siya. Mabuti na lang at nakahanda na ang kanyang gamit kaya hindi niya kailangang magtagal sa cubicle niya.

Habang pauwi ay nag-iisip si Noreen. Bakit kaya siya inaya ni Sir Raymond na mag-dinner? At bakit ito nagtanong ng tungkol sa kanila ni Randy? Napaka-coincidental naman. Totoo kaya ang sinasabi ni Donna na mukhang may gusto ito sa kanya?

Hay, Noreen! Dream on. Malamang puro work-related lang ang topic n'yo sa dinner na 'yun. Tantaran mo na ang pag-iilusyon na magkakagusto sa 'yo ang isang Raymond Bautista na mayaman, guwapo, at may-sinasabi sa buhay. Natigilan siya. Teka, bakit nga ba hindi? Bakit? Mga katulad lang ba ni Ginela Bruhita ang puwedeng mangarap ng isang Raymond Bautista?

Napag-isip siya. Alam nilang lahat sa office na si Ginela ay matagal nang may gusto sa boss nila, pero hindi naman ito pinapansin ng huli.

Ngayon tuloy, ang kaninang naramdaman niyang tuwa kay Ginela, napalitan na naman. This time, feeling niya ay nananadya na ito. Mukhang nagiging habit nito ang pag-intrude sa lahat ng business ni Raymond. At hindi siya naaliw sa idea na iyon.

Chapter Three



Naging abala si Noreen the next few days. Kabi-kabila ang training sessions na siya ang nag-facilitate. And some of these sessions, out-of-town pa. Nakakapagod man pero enjoyable din. She got to meet a lot of different people everyday. At nadagdagan pa ang kaalaman niya.

May mga dinaluhan siyang meeting with new clients. Isa na roon ang kaibigan ng father ni Raymond. Nag-meet sila nito kasama ang kabiyak sa isang restaurant at maganda ang outcome niyon. Na-convince niya ang mga ito to hire their services. Magtatayo ng restaurant ang mag-asawa at ireregalo sa anak na bagong

graduate sa kolehiyo. Sa Baguio ang location niyon.

Natutuwa siya dahil alam niya, plus points sa kanya iyon at bukod doon, plus din sa kanilang compensation. May bonus kasing natatanggap ang lahat ng employees kapag may new client. Tiyak na matutuwa ang mga kasamahan niya. At iyon ang isa sa emotional achievements niya—kapag nakakatanggap ng bonus ang mga kasamahan niya nang dahil sa kanya.

Patapos na ang meeting niya sa mga ito nang biglang sumulpot si Raymond.

Ano'ng ginagawa ni Sir dito? Coincidence na naman ba 'to? Bagamat nagtataka ay binigyan niya ito ng magalang na ngiti.

“RB, I’m glad to see you,” bati ng kanyang ka-meeting sa boss niyang bagong dating. Nagkamay ang mga ito. “I guess we’ll be seeing more of each other because this young lady here has convinced us to take your services.” Siya ang tinutukoy ng mga ito.

Nakita niyang natuwa si Raymond. “So glad to hear that.”

“Well, you owe it to this fine woman Noreen. You’re lucky you have people like her,” anang matandang babae.

Pinamulahan ng mga pisngi ang dalaga sa nadinig. “Thank you, Ma’am.”

Ngumiti si Raymond. “Agree. I’m really lucky to have her.”

Mas lalo siyang namula kaya minabuti niyang baguhin ang paksa. “I’ll coordinate everything with your Group Manager. I’ll give you updates every now and then, Sir, Ma’am.”

Nang makaalis ang mag-asawa ay naiwan sila ni Raymond.

“Well? Puwede na bang matuloy ang dinner natin this time? I’m sure hindi ka nakakain nang husto sa dinner. Siyempre, while they’re eating, ikaw naman ay daldal nang daldal para makumbinsi mo sila, right? Now don’t argue. I know these procedures.”

Natawa siya dahil totoo ang sinabi nito. Hindi siya gaanong nakakain. Mas nag-concentrate kasi siya sa pag-convince sa mga kliyente. That’s usually the case every time may ka-dinner meeting siya.

“I won’t argue, Sir. You know the dealings.”

“Very well then, let’s have dinner. And this time, I’m a hundred percent sure na wala nang sisingit pa sa usapan natin,” tatawa-tawang wika nito na nagpatawa rin sa kanya. Naalala

kasi niya na twice nang sumingit si Ginela sa usapan nila ng kaharap. “Good thing din pala at napadaan ako dito.”

Noreen was sort of expecting that dinner would turn out to be a business one. Inasahan niyang pulos work-related matters lang ang magiging point of discussion nila. But it didn't turn out that way. Bahagya niyang ikinagulat ang mga topics ni Raymond, pero at the back of her mind, okay lang din. She really enjoyed that dinner.

“Alam mo, more than three years na kitang Training Officer pero aside from the fact na alam kong magaling ka sa craft mo, I know nothing else about you. So, will it be possible to reintroduce yourself?” Si Raymond iyon.

“Reintroduce?” ulit niya sa sinabi nito.

Tumango ito. “Yeah. Kasi kilala kita as my employee, but I never touched on other personal stuffs. 'Yung mga puwede lang malaman, of course. Like, parents? Are you living with them? Brothers? Sisters? Stuff like that.”

Tipid siyang ngumiti. “Not much to tell, Sir. My parents and only brother live in Bulacan. Taga-d'un po kami. Umuuwi ako d'un weekly. Nakatira ako sa isang boarding house dito sa

Manila. That's it, I guess."

"Saan sa Bulacan?"

"Pulilan, Sir."

"Really? Wait, di ba d'un 'yung kneeling carabaos?"

Tumango siya. "Yes, Sir. Nakakita ka na bang gan'un?"

Umiling ito. "Hindi pa. Tuwing anong month ba 'yun?"

"Tuwing Mayo, Sir. Malapit na." Sa susunod na buwan na iyon at nai-file na niya ang kanyang leave kay Donna. Hindi na niya iyon binanggit sa kaharap.

Kuntodo-ngiti ito. "Great. So puwede ba 'kong sumama? That seems interesting. At sa tanda kong 'to, dapat lang na ma-witness ko naman ang mga events na ganyan, right?"

Bahagyang nagulat si Noreen, pero mas nangibabaw ang ideya na naaliw siya sa nakitang excitement sa kaharap. "Oo naman, Sir."

"Teka muna, kanina ko pa napupunang masyado kang formal. Lahat ng words mo end with the word 'Sir'. We're not at the office. You may call me 'Raymond'. Or better yet, call me 'RB'. 'Yan ang tawag sa 'kin ng close friends ko."

Naalala niyang iyon nga ang itinawag dito

ng mga ka-meeting kani-kanina lamang. “Sir, hindi yata tama ’yun. Boss kita and I think it’s just right that I address you with ‘Sir’.”

“Yeah, pero wala na tayo sa work. And we’re actually talking about something that’s not work-related at all. Call me ‘RB’, I insist. Officer kita. Mataas ang position mo sa kompanya ko. In fact, kahit sa work, puwede mo naman ako tawaging ‘RB’.”

Napailing si Noreen. “I don’t find that acceptable, Sir. I hope you understand. Besides, I’m used to it already.”

“Very well, whatever suits you. Call me ‘Sir’ inside the office and kapag office hours. Pero sa ngayon, please quit the formalities. Nasa labas tayo, wala tayo sa office. Call me ‘RB’. Okay?” Ngumiti pa ito nang napakatamis.

Ang cute naman, naisip niya. Tipid na lamang siyang tumango. Alam niya, hahaba pa ang usapan kung hindi pa siya pumayag. Nakita naman niya na natuwa ito.

“Great!”

Sa dinner na iyon ay nakilala siya nang husto ni Raymond. Marami itong naging katanungan tungkol sa kanya lalo na tungkol sa pamilya niya sa Bulacan. Nagtanong din ito ng mga

bagay tungkol sa trabaho, pero very minimal lang. For the most part of the conversation, siya ang naging topic.

Napansin naman niyang very careful itong magtanong. Ni hindi nga ito nagtanong ng anuman ng ukol sa love life niya. He didn't even open the topic about Randy kahit alam nito na dati niyang boyfriend ang huli.

Well, she really felt important that night. Aside from the fact na kasama niya ang presidente ng pinagtatrabahuan niyang kompanya, siya pa ang naging major topic. Ang pinanghihinayangan lang ni Noreen, she never had the chance to ask him about himself as well. Nahihya kasi siyang magtanong.

Ang tanging nalaman lang niya ay single ito, certified bachelor sa edad na twenty-nine, and that both his parents resided in Canada. And take note: wala daw itong girlfriend.

Well, 'yun ang s'abi niya.



Isang twenty-nine-year-old bachelor si Raymond Bautista. Nang siya ay edad beintecinco, itinayo niya ang kanyang business na *RB-Phils* kung saan hinahawakan nila ang hiring, training and selection ng ilang malalaking

kompanya sa bansa. Abot hanggang far North and South ang kanilang mga kliyente from the whole of Luzon. At soon, nasa pipeline nila na pasukin ang Visayas.

Ito ang napili niyang business dahil sa laki ng kanyang connections, sa tulong na rin ng kanyang mga magulang. Dati na ring nagtayo ng ganitong business ang mag-asawa, pero nang mag-decide na mag-base na sa Canada, isinara ng mga ito ang negosyong iyon. Nag-aaral pa si Raymond that time sa ibang bansa. Noong nadama niyang napapanahon na, siya naman ang nagtayo ng sariling manpower services.

Raymond had a girlfriend before, si Yani. She was a model. The relationship lasted for a year. It could have been longer kung hindi lang talaga for some reasons. Gusto nitong magpakasal na sila. Pero that time, nagsisikap pa ang binata na i-develop nang husto ang kanyang new business. He felt that it was too soon for marriage. He was only twenty-seven that time and Yani was just twenty-five. Hindi iyon maintindihan ng babae. She immediately left him at nagtungo sa ibang bansa.

The last time he heard of his ex-flame, namamayagpag na raw ang modeling career

nito sa Italy. Well, he was happy for her. Hindi niya pinagsisihan ang decision niya dahil nag-e-enjoy siya ngayon nang husto sa kanyang piniling business. He loved this dahil napakarami niyang natutulungan.

Aside from that, mas lalo niyang nadama na tama ang ginawa niyang decision nang makilala si Noreen. Ang totoo, di-hamak na mas stunning ang dating ni Yani compared to Noreen. But Noreen was the picture of an ideal woman for him. It wasn't the usual 'love at first sight' that he felt for her. He never even intended to be close to any girl for that matter.

But as the years went on, na nakikita, nakakausap at nakakasama niya sa trabaho ang dalaga, something developed. Parang coincidence ba, lagi niyang naiisip, na madalas ay pareho sila ng takbo ng ideas. He had long planned to be close to her. But most of the time, something always got in the way like employer-employee relations, and more often than not, Ginela.

This woman kept on insisting na hindi siya dapat maging close kaninuman sa mga empleyado. Dapat daw ay may agwat sa pagitan niya at mga employees. Hindi man siya

naniniwala roon ay pinili na lang niyang hindi umimik para di na rin humaba pa ang usapan.

But then it came to the point that he felt something else, that he wanted so much to know Noreen more. Kaya naman, as soon as he had his chance, he started befriending her. And he realized na dapat pala ay noon pa niya ginawa iyon, dahil nalaman niya kung gaano ka-lovable at kalambing ang ugali nito. Now all the more na gumagawa siya ng effort para mapalapit dito.

In fact, sinadya niyang dumaan sa restaurant kung saan alam niyang may ka-meeting si Noreen, hoping na makasabay na niya ito sa isang dinner. And he's eager that if everything turned out smoothly, something more profound could come out between them. Who knows?



Friday afternoon ay maagang inayos ni Noreen ang kanyang mga gamit para kaagad na makauwi. Uuwi siya sa Bulacan at nangako siya sa mga magulang at kapatid na aagahan niya ang pagdating para sabay-sabay silang mag-dinner. Excited siya dahil ikukuwento niya sa mga ito na may na-close siyang bagong deal.

Pero five minutes bago ang out niya ng alas cinco ng hapon, ipinatawag siya ni Ginela. Kahit

nag-aalboroto ang kalooban ay tinungo niya ang opisina nito.

“You called for me, Ma’am?”

“Yes. Do something for me. I’m supposed to attend a dinner meeting with a client, but something came up. I can’t make it. I need you to pass by this restaurant and give them this files and this note,” anito habang may iniaabot sa kanya na folder na may kasamang note. “Text me as soon as naibigay mo na. Sige, that’s all. You may go.” Tumayo na ito dala ang gamit para tunguhin ang pinto. Halatang nagmamadali ito.

Nanggalaiti sa sama ng loob at sa inis ang dalaga. *Ni hindi man lang naisipan magtanong kung may lakad ba ’ko. At kung kelan uwian ’tsaka pa ’ko uutusan. Hindi naman ako messenger.* Talagang hindi niya puwedeng ipagpaliban ang pangako sa mga magulang at kapatid. “Madam, iutos ko na lang sa messenger. I have a prior commitment tonight. Hindi ko puwedeng—”

Natigilan si Ginela sa pintuan at mabilis na sumingit. “Noreen, kung puwedeng iutos sa messenger, eh, di sana sa kanya ko na inutos, di ba? Important client natin ’yan at mas makakampante sila kapag officer ang haharap sa kanila. Ano ba ’yang importante mong lakad

na hindi puwedeng ipagpaliban?”

“Family matters,” simple niyang tugon.

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan nito. “Noreen...”

“It’s okay, Ginela. I’ll handle this,” ani Raymond na noon ay nakatayo na malapit sa pintuan. Halatang nadinig nito ang naging pag-uusap nila.

“Pero, Raymond...” untag pa nito.

“I said I’ll handle this. You may go. You seem ready to go, anyway.” Seryoso ito. “Sige na, s’abi mo importante ang lakad mo.”

Napangiti ang babae. “Oo, pero kung gusto mo puwede akong ma-late nang konti. Tayong dalawa na lang ang dumaan sa client at—”

Sumingit ang lalaki, “So puwede ka palang ma-late nang konti? Why then do you have to ask Noreen to do this for you?”

Namula ito. “I have to go.” Mabilis na itong tumalilis. Naiwan sila ni Raymond at nakita niyang tila nangingiti ang binata. Napapailing na tumingin ito sa kanya.

“You’ll have to excuse Ginela sometimes. I’ve known her for quite a long time and since day one that I’ve known her, ’yan na talaga’ng ugali niya. I’m used to her. Aren’t you yet?”

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan niya. “I guess so, Sir. Anyway, I better get going. Idadaan ko na lang din ’to. I don’t want to disappoint her that much anyhow.”

“Ako na lang. I heard you have some family matters to attend to,” sagot nito. “Napadaan kasi ako at nadinig ko ang pag-uusap ninyo.”

Parang ang dalas yata nitong mapadaan lately, ah, naisaisip niya. Ngumiti siya nang tipid. “Okay lang, sandali lamang siguro ’to, Sir. Ite-text ko na lang ang parents ko na mahuhuli ako nang konti. They’ll understand.”

Nagliwanag ang mukha ni Raymond na tila may naisip bigla. “Okay, ganito na lang. Para mas mabilis, sumabay ka na sa ’kin papunta diyan,” anitong tinuturo ang hawak niyang papel kung saan nakasulat ang pupuntahan niyang restaurant. “And then, ihahatid na rin kita sa bus station.”

Nag-isip siya. Hindi naman siya papayag na ito ang magdala ng files sa client. Siyempre nakakahiya rito bilang presidente at boss niya, ayaw niyang isalin dito ang responsibility.

Bandang huli ay napapayag siya nito. Sabay nilang tinungo ang lugar na dapat pagdalhan ng files. Hindi na bumaba ng sasakyan si Raymond

sa request na rin niya. Naisip kasi niyang kapag nakita ng client ang boss niya, makipag-meeting pa ang mga ito.

Naging mabilis naman ang pakikipag-usap niya sa pakay. Apparently ay nai-text na rin ni Ginela ang mga ito at sinabihang iaabot lamang ang files sa kanila for them to review. Kaagad na nakabalik sa sasakyan ni Raymond ang dalaga. Nagulat siya nang may kumatok sa bintana sa side ni Raymond. Panabay silang napatingin doon.

May isang magandang babae na nakatayo at kuntodo-ngiti. Tila namukhaan ito ng binata kaya mabilis nitong ibinaba ang bintana.

“Oh, my God, RB! How are you?” Maganda ang babae at sa itsura at pananamit ay tila isang modelo.

“Yani!” Nang makita ang dating nobya ay mabilis na bumaba ng sasakyan ang lalaki. “Kelan ka pa dumating?”

Niyakap ng babae si Raymond. At kahit hindi niya alam kung sino ito, naramdaman niyang may something special na bumabalot sa pagitan ng dalawa. Nadinig din niya na ‘RB’ ang tawag nito sa kasama niya kaya alam niyang close ang mga ito. Bahagya siyang nailang at

ibinaling ang tingin sa malayo.

“I flew in last week. So how are you? How did you know na nasa abroad ako? I can see na alam mo pa rin pala ang mga happenings about me, huh?” Malambing ang tono ng babae.

Hindi man niya nakikita ang mukha nito ay alam niyang nakangiti ito. Sa pananalita ng babae, dama niyang importante ito kay Raymond.

“So how about having dinner with me? Let’s catch up, RB. I really miss you.” Nadinig niya ang invitation ng kausap ng kanyang boss.

At nadinig din niya ang pagtangga ng binata. “I really love to, but I have something important to attend to right now. Maybe some other time, okay? I guess I better get going. It’s so nice to see you again, Yani.”

Kaagad niyang binulungan si Raymond habang papasok ito ng sasakyan. “Sir, I can take a cab. Malapit na ang bus station dito. I don’t want to get in the way of your activities.”

Kumunot ang noo ng lalaki. “Activities?” Umiling ito. “No. Ihahatid kita, as planned. Besides, I want to. Okay?”

As *planned*, ulit niya sa utak sa sinabi nito. Tumango na lamang siya.

Chapter Four



Tahimik na binabagtas ng sasakyan ni Raymond ang EDSA patungong bus station. Sinilip ni Noreen ang oras sa wristwatch niya; six twenty ng gabi.

Sana hindi traffic, aniya sa utak.

“Aabot ka pa? It’s Friday night. Baka ma-traffic sa *NLEX*,” anito na napatingin sa kanya.

Napailing siya. “Hindi siguro, Sir. Maaga pa naman.”

Tumingin din ito sa orasan sa dashboard ng sasakyan. “Past six. Mabuti pa siguro, ihatid na kita sa Pulilan.”

Nataranta siya sa hiya. “Naku, hindi na, Sir! Sobrang abala na ’yan. Aabot ako. Lagi naman

kaming late dinner d'un sa 'min."

Umiling ang kausap. "Hindi abala sa 'kin 'to. Besides, wala akong gagawin tonight. At nasa mood din ako mag-drive."

"Eh, Sir..." Bantulot siya.

"Sir, Sir, Sir. There you go again, Noreen," nakangiting singit nito. "Ano ka ba naman? Tayong dalawa lang ang nandito. You really don't have to address me with 'Sir'. RB. That's my nickname. Puwede ba 'yun?"

Bumuntong-hininga siya nang malalim at saka ngumiti. "Ikaw ang bahala."

"Great. Now, deretso ko na 'to sa Pulilan, ha? I know the way hanggang Plaridel, don't worry. Lalampas ba tayo d'un?"

"Sure ka ba, Sir... I mean, RB?" Atubili siya.

Ngumiti ito. "That's more like it," anitong patangu-tango pa. "Anyway, yes. Sure ako."

Tahimik nilang binagtas ang daan papasok ng North Luzon Expressway. Naiilang si Noreen sa kanyang katabi. Boss niya ito at hindi siya sigurado kung tama ba ang ideya na magpahatid siya hanggang sa Pulilan. May nararamdaman din siyang kaba at the same time dahil pihadong makikita ito ng mga magulang at kapatid niya. Alam niyang pakikitunguhan nang maayos ng

mga ito si Raymond. Pero hindi rin niya alam kung paano ipapaliwanag sa pamilya kung bakit siya hinatid ng kanyang boss.

“If you’re sleepy, you may take a nap,” basag nito sa katahimikang bumalot sa kanila.

Umiling siya. “Okay lang ako. Ikaw nga’ng inaalala ko kasi instead na nagpapahinga ka na sa bahay n’yo—”

He cut her off. “Like I told you, gusto ko ’to. I like long drives. Maikli pa nga ’to.”

Tipid na ngumiti ang dalaga. Sa sinabi nito ay nakaisip siya ng topic para hindi maging awkward ang pakiramdam sa tabi nito. “If you don’t mind me asking, saan ang pinakamalayo mong na-drive?”

Nakita niyang ngumiti ito, tila interesado sa naisip niyang topic. “Dito sa Pilipinas, Pagudpod pa lang ang pinakamalayo kong na-drive. And I did that all by myself. Mag-isa lang. I had a few stops sa mga gas station for bladder breaks and to buy something to eat. Pero mga fifteen minutes lang then I’m on my way again. However, I had the longest drive in my life n’ung nasa US ako. Two days. It was enjoyable, Noreen. That was one of the best experience I ever had.”

“You were alone then too?” Hindi niya naisip kung bakit niya itinanong iyon. *To make up a conversation, I guess.*

Nagkibit ito ng balikat. “I was alone to start with pero along the way, I picked up a friend and then dumeretso kami sa Texas to visit a cousin of mine.”

Tumango lang siya. Very tempting para sa kanya na itanong kung sino ang sinundo nito, but she chose to keep quiet.

“The road is great. Freeway. ’Tapos I was driving a top-down. Kahit mainit ang sikat ng araw, hindi masakit sa balat. It was wonderful. You should try that. One of these days, kapag walang masyadong trabaho sa office, isasama kita sa isang long trip.”

At paano ka naman nakakasiguro na sasama ako? naisip niya pero piniling ngumiti lang.

“Marunong ka bang mag-drive?” tanong nito kapagkuwan.

Tumango siya. “Yes, pero short trips lang. I haven’t tried sa highway. Pero marunong akong magmotor. May motor kasi si Tatay kaya nagpaturo ako noon pa lang high school ako,” pag-amin niya na nagpangiti rito.

“Cool. Lady motorcycle rider. But you

should be careful. Alam mo naman ngayon, kahit maingat ka, maraming tarantado sa kalye. At para sa isang babaeng gaya mo, may mga sira-ulo diyan na sinasadyang takutin ang mga lady drivers.”

Tumango siya. “Oo nga, eh. Pero don’t worry. Bukod sa maingat ako, mapagbigay din. Turo ’yan ni Tatay.”

“Ang cute pakinggan kapag ‘Tatay’ ang tawag sa mga father natin, ’no? Ako kasi nakalakihan kong tawagin ng ‘Papa’ ang father ko. Pero if I had my way, parang gusto ko yatang ‘Tatay’ din ang itawag sa ’kin ng mga magiging anak ko in the future,” anito na patangu-tango pa. “Or Itay,” dugtong nito.

Natawa siya. “Parang hindi naman yata bagay sa ’yo ’yun.”

Tumaas ang dalawang kilay ni Raymond. “At bakit hindi?”

Nagkibit-balikat siya. “Eh, kasi... ewan ko. Basta.”



Mabilis nilang narating ang Pulilan. Bukod sa alam nito ang daan patungong Plaridel, walang traffic na tila nakikiayon sa kanya ang pagkakataon. Kasunod ng Plaridel ay Pulilan

na.

Humimpil ang sasakyan ni Raymond sa tapat ng tirahan ng mga Gabriel. Bumaba si Noreen at bumaba rin ito. Naroon sa labas ng bahay nila ang kapatid niyang si Jacob, na tila inaabangan siya talaga. Tumayo ito nang makita siya.

“Akala ko hindi ka na darating, eh,” anito habang inaabot ang mga dala niyang bag at supot.

“Puwede ba ’yun? Sina Tatay?”

“Nandiyan sa loob si Nanay. Si Tatay ay sumaglit sa bayan.” Natigilan ito nang mapuna si Raymond na nakangiting nakatanghod sa kanila. Napansin niya iyon.

“Sir Raymond, si Jacob po, kapatid ko,” pagpapakilala niya.

“Sir?” nakakunot ang noo na sabi ni Jacob.

Pinandilatan niya ito ng mga mata. “Boss ko,” bulong niya.

“Hi, Jacob. Kumusta ka?” Si Raymond iyon.

Ngumiti ito. “Ayos lang po. Halika po, pumasok kayo. ’Nay! ’Andito na si Ate, kasama ang boss niya!” sigaw ni Jacob.

“Ano ka ba, ang ingay mo!” saway niya sa kapatid.

“O, nandito ka na pala. Bakit matagal ka yata ngayon? Traffic ba?” salubong ng nanay niya nang makita siya.

Nagmano siya sa ginang at humalik dito. “Hindi naman po. May dinaanan lang kasi ’ko. ’Nay, si Mr. Bautista po, boss ko.”

Nataranta ito bigla. “Naku! Magandang gabi ho. Mabuti naman at naisipan ninyong dumalaw dito sa ’min. Nakakahiya at hindi man lang ako nakapagligpit. Jacob, damputin mo nga ’yang mga kalat.” Binalingan siya nito. “Bakit hindi mo man lang sinabing kasama mo’ng boss mo, eh, di sana man lang naglinis ako at nagluto ng espesyal kong kare-kare,” alumpihit na wika nito.

“Huwag ho kayong mag-alala sa ’kin, Ma’am,” ani Raymond.

“Eh, ’Nay, wala naman po talaga sa plano. Naabala ko lang talaga itong si Sir,” paliwanag niya sa natatarantang ina.

Sinita siya ni Raymond. “Noreen, di abala ’to, okay?”

“Maupo ho kayo. Jacob, ikuha mo nga ng maiinom itong si Sir. Gusto ho ba ninyo ng juice o soft drinks?” tanong ng ginang.

Ngumiti ito. “Maski ano ho, ayos lang sa

'kin."

"Si Nanay, nagpa-panic," bulong ni Jacob habang papalabas at tumungo sa kusina.

"Nadinig kita," habol ng matanda sa bunsong anak. Sumunod din ito sa kusina. Natawa si Raymond.

"Pasensya ka na, Sir, magulo'ng bahay. Bukas pa kasi ang schedule namin ni Nanay ng cleaning. Maupo ka," alok niya.

Umiling-iling ito. "No problem. Pag nakita mo'ng unit ko, magulo talaga. Tuwing Sunday lang din kasi ako nagliligpit. Part of my exercise."

"Bakit hindi na lang kayo kumuha ng housekeeper?"

Nagkibit-balikat ito. "I was raised that way by my father. Ang s'abi niya, kung kaya mong gawin, huwag mong ipagagawa sa iba."

Ngumiti siya. "I agree with that. Ganyan din ang laging sinasabi nina Tatay at Nanay."

Nagpatangu-tango ito. Pumasok si Jacob sa sala at may dala itong juice na iniabot kay Raymond. Malugod nitong tinanggap iyon.

Nang dumating ang ama ni Noreen ay malugod din nitong pinakiharapan ang bisita. Nang nagpaalam na ang huli na babalik ng Manila ay nagpilit ang mga magulang ni

Noreen na doon na ito maghapunan na kaagad naman nitong pinaunlakan. Kahit nagulat ang dalaga ay natuwa rin siya sa gesture nito na pumayag mag-dinner doon. Sa halip na kumain sa katapat na carinderia na naging gawi na nila every Friday night para hindi na magluto ang kanyang ina, nagpasya silang mag-ihaw sa garahe. Mabuti na lamang at may naihanda nang marinated liempo at manok. Palaging ganoon ang ina niya—laging handa.

“Baka nagugutom ka na, Sir? Mga thirty minutes pa siguro bago maluto ito. Gusto mo bang magpabili na lang ako ng lutong ulam?” Nag-alala ang nakatatandang babae na baka gutom na ang panauhin.

“Naku, hindi ho. Ayos lang. Ang totoo nga ho, nag-e-enjoy akong mag-ihaw.” Nagprisinta kasi ito na makialam sa pag-iihaw katulong sina Noreen at Jacob. “Medyo matagal na rin ho kasi the last time na ginawa ko ’to. Huwag ho n’yo ’kong intindihin.”

“Okay ka lang ba talaga, Sir?” paniniyak ni Noreen.

“Siguro kapag hindi mo itigil ang pagtawag sa akin ng ‘Sir’, hindi ako magiging okay,” biro nito na nagpangiti sa kanya.

“Blackmail,” tangi niyang nasabi.

Tumawa ito nang malakas. At natuwa siya sa nakitang kakaibang aura nito. Marahan niya itong hinampas sa braso.

“Oops, sorry! Malakas ba masyado ang tawa ko?”

Umiling siya. “Hindi, okay lang, Nagugulat lang ako sa ’yo.”

“Well, Noreen, this is the real me. Of course sa office ay hindi ako ganito. Kaya nga thankful talaga ako kasi you allowed me to take you home. This way, I can be myself,” nakangiti nitong tugon habang binibiling ang iniihaw.

“Ako nga’ng dapat magpasalamat. Bukod sa inabala kita na sinasabi mong hindi ka naabala, natutuwa ako sa nakikita ko. Ngayon ko lang kasi kayo nakitang ganyan, eh,” pag-amin niya.

Nagkibit-balikat ang binata. “Like I said, I’m myself now. The real me, incidentally. Truth is, matagal na kitang gusto maging kaibigan, Noreen. Hidi naman siguro masama ’yun. Officer ka sa company ko at kung tutuusin, dapat ay good friends tayo. Kayo ang reason kung bakit ang company ay tumatakbo. Dapat lang na ituring ko kayong mga kaibigan at hindi simpleng empleyado lang. Di ba?”

Tumaas ang dalawa niyang kilay. “Pero that doesn’t change the fact that you own the company, right?”

Muli ay nagkibit ito ng balikat. “Siguro. Pero in reality, owners na rin kayong maituturing. Actually, the only thing that’s stopping me from being close to my officers, which includes you, is Ginela. She keeps on insisting that there should be a wall between me and everyone else in the company.”

“Except her?”

Napangiti ito. “Yeah. Aha! You know her already.”

Napangiti siya. “Actually, she’s got a point somehow. Siyempre owner ka. And someone might take advantage kapag masyado kang relaxed sa lahat. Pero I hope you won’t mind me asking...” May naisip siyang itanong.

“Shoot,” anito habang binabaligtad ang inihihaw na talong.

“May relasyon ba kayo?” Hindi alam ni Noreen kung saan niya nakuha ang lakas ng loob upang itanong iyon. Pero naisip niya kasi, mukhang nasa mood ito kaya sinamantala na niya.

Muling tumawa si Raymond. Mas malakas

sa naunang tawa nito kanina. “Noreen, seryoso ka? Ginela? Of course, wala. Where did you get that idea?” Hindi pa rin nabubura ang amusement sa mukha nito.

“Sir naman, huwag kang ganyan mag-react.”

“Okay sorry. By the way, it’s RB,” paalala nito nang muli siyang mag-address ng ‘Sir’.

Napangiti siya. “Okay, RB. Anyway, kaya ko lang naisip ’yun kasi very close kayo at protective siya sa ’yo. At kung umasta siya ay para bang siya rin ang may-ari ng *RB-Phils* kaya inisip naming eventually, baka magiging kanya din ang company dahil may relasyon kayo. Sorry kung naisip ko ’yun.”

Ikinagulat niya ang sumunod na ginawa ng binata... at ikinakilig. He caressed her hair and pinched her chin. “Ayos lang. I understand.” Itinuloy na nito ang ginagawang pag-ihaw. “Malapit na matapos ’to. Ano’ng susunod na iihawin? Tanungin mo si Tatay,” anitong tila wala sa sarili. Pero ang mas ikinagulat niya, tinawag nitong ‘Tatay’ ang ama niya.

Siya namang labas ng ama niya na may dalang platong may pusit. “Matagal pa ba ’yan, RB? Isunod mo itong pusit at pagkatapos ay kakain na tayo. Naku, ginabi ka na.” Lagpas alas

ocho na kasi ng gabi niyon. Tila hindi nga nila napansin ang oras sa kakakuwento sa isa'tisa.

Si Tatay, nakiki-RB na, napangiti niyang sabi sa sarili.

“Wala pong problema, Mr. Gabriel. Tapos na po 'to. Puwede ko nang isalang 'yan. Noreen, pakikuha naman ng paglalagyan nitong luto na,” baling ng binata sa kanya.

Sa di-maipaliwanag na dahilan ay kaagad siyang tumalima sa utos nito. Marahil ay dahil sa boss niya si Raymond at sanay na siyang sundin ang bawat utos nito. Nang makabalik siya ay nakita niyang nakaupo ito at ang ama na niya ang nag-iihaw.

“Substitute. Si Tatay naman daw,” anito na tila nabasa sa mukha niya ang pagtatanong.

There. Tinawag na naman niyang 'Tatay' si Tatay, isip niya.

“Eto palang si RB, eh, marunong mag-chess. Puwede ko palang itapat ito kay Jacob.” Mahilig maglaro ng chess ang kapatid at ang ama niya. Siya kasi, hindi niya nakahiligan iyon. Marunong siyang maglaro niyon, pero hindi magaling tulad ng mga ito.

Over dinner ay nakita niyang enjoy na enjoy si Raymond na kausapin ang ama at kapatid

niya. Ang topic nila, basketball at chess. May topic pa tungkol sa mga laro sa computer. Natutuwa siyang panoorin ang mga ito na tila giliw na giliw sa mga pinag-uusapan.

Pasado alas onse na ng gabi pero panay pa rin ang kuwentuhan ng mga ito sa sala. Nag-aalala na si Noreen dahil pakiramdam niya ay sobrang late na at uuwi pa ng Manila si Raymond kaya minabuti niyang sumingit sa usapan ng mga ito.

“Tatay, gagabihin na nang husto si Sir.” Tumingin siya sa boss niya. “Hindi sa tinataboy kita, Sir, pero ayoko kasing masyado kang gabihin sa daan. Inabala na nga kita, gagabihin ka pa sa kalye.”

“Ano pa ba sa tingin mo’ng ginagawa mo?” Ang tatay niya iyon na halatang nagbibiro lamang.

Umismid siya. “Tatay naman, eh.”

“Joke lang, anak.” Bumaling ito sa binata. “RB, tama’ng anak ko. Late na. Sayang nga lang at aayain sana kitang uminom, eh,” anito at sinabayan ng malakas na halakhak. “Di bale, sa susunod na punta mo dine’, mag-iinuman tayo.”

Napangiti si Raymond. “Huwag ho kayong mag-alala sa ’kin. Pero sige ho, aasahan ko ’yang

inuman na 'yan, Mr. Gabriel.”

May naalala ang ginoo. “Malapit na ang piyesta ng kneeling carabaos dine’. Kung may panahon ka, makapunta ka sana. Maghahanda kami.”

Nakita niyang tila nagliwanag ang mukha ng boss niya. “Oho, Sir. Sige gusto ko 'yan. Pupunta po ako. Hindi pa ako nakakapunta sa ganyang fiesta.”

Inihatid ni Noreen si Raymond sa sasakyan nito. “RB, thank you, ha? Pasensya ka na sa kadaldalan ng Tatay. Ginabi ka tuloy nang husto.”

“Okay lang 'yon, Noreen. Nag-enjoy ako, and I want to thank you. I really had a grand time with you and your family. Sana maulit pa 'to,” tila madamdamin ang pagkakasabi nito. “Well, I better get going. Good night.”

Hinatid niya ng tingin ang sasakyan nito hanggang sa makalayo.